Paunawa ng State Fair Hearing (Patas na Pagdinig ng Estado): Ang Iyong Karapatan na Iapela ang Desisyon na Ito

Kung hindi ka nasiyahan sa aksyon na inilarawan sa kalakip na Paunawa, maaari kang humiling ng isang State Fair Hearing sa harap ng isang Administrative Law Judge (Hukom ng Administratibong Batas) sa California Department of Social Services (Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan ng California). Ang pagdinig na ito ay isasagawa sa hindi pormal na paraan upang matiyak na ang lahat ng dadalo ay malayang makakapagsasalita. Kung nagpasya kang humiling ng pagdinig, dapat mo itong gawin sa karamihan ng mga kaso sa loob ng **90 araw** mula sa petsa ng kalakip na Paunawa.

Kung hihiling ka ng pagdinig bago ang petsa ng pagkakabisa ng aksyon, maaaring magpatuloy ang iyong mga serbisyo nang hindi nagbabago sa ilalim ng ilang partikular na kalagayan hanggang sa pagdinig o hanggang sa matanggap mo ang desisyon sa iyong pagdinig.

Pagkatapos mong humiling ng Pagdinig ng Estado, maaaring abutin ng hanggang 90 araw bago magdesisyon sa iyong kaso at magpadala sa iyo ng sagot. Kung sa tingin mo ay makakasama sa iyong kalusugan ang paghihintay ng 90 araw, maaari kang humiling ng isang Expedited Hearing (Pinabilis na Pagdinig). Kung aaprubahan ng State Hearings Division (Dibisyon ng mga Pagdinig ng Estado) ang iyong kahilingan para sa isang Expedited Hearing, maaari kang makakuha ng desisyon sa pagdinig sa loob ng tatlong araw mula sa petsa ng pagtanggap nito ng iyong file ng kaso.

Maaari kang humiling ng isang Expedited Hearing - sa pamamagitan ng pagtawag sa State Hearings Division o maaari kang magpadala ng liham sa State Hearings Division. Dapat mong ipaliwanag kung paano ang paghihintay ng hanggang 90 araw para sa isang desisyon ay makakasama sa iyong buhay, kalusugan o kakayahang makamit o mapanatili ang pinakamataas na pagganap. Maaari ka ring makakuha ng liham mula sa iyong doktor upang ipakita kung bakit kailangan mo ng Expedited Hearing.

Representasyon

Maaari kang kumatawan sa iyong sarili sa State Fair Hearing. Maaari ring kumatawan sa iyo ang isang kaibigan, abogado, o sinumang ibang tao, ngunit inaasahang ikaw mismo ang kukuha ng kinatawan. Makakakuha ka ng tulong sa paghahanap ng libreng tulong-legal sa pamamagitan ng pagtawag sa walang bayad na numero para sa Public Inquiry and Response (Tanggapan sa Pampublikong Tanong at Sagot): **1-800-952-5253.**

Paano Humiling ng State Fair Hearing

Maaari kang humiling ng pagdinig sa paraang nakasulat. Maaari mong gamitin ang form na nakalakip sa pahayag na ito. Kung hindi mo gagamitin ang form na ito, siguraduhing ibigay ang iyong PANGALAN, ADDRESS, at NUMERO NG TELEPONO, kasama ang PAGLALARAWAN SA AKSYON na hindi mo sinasang-ayunan. Mangyaring isaad na ang aksyon ay may kinalaman sa mga BENEPISYO SA MSSP, at kung kakailanganin mo ng isang INTERPRETER sa pagdinig, tukuyin ang wika at diyalekto. Ipadala ang iyong kahilingan sa:

Koreo: California Department of Social Services
State Hearing Division
P.O. Box 944243, Mail Station 21-37
Sacramento, CA 95814-2430

Fax: (833) 281-0905
Email: SHDCSU@DSS.ca.gov

Online:acms.dss.ca.gov
I-click ang “Create an account” (“Gumawa ng account”) para magkaroon ng ACMS account at makakuha ng mga dokumento online; o i-click ang “Submit Appeal without Account” (“Magsumite ng Apela nang walang Account”) para maghain nang walang account

Numerong Tatawagan na Walang Bayad:1-800-952-5253
TDD para sa Hindi Nakakarinig:1-800-952-8349